THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Mic Test

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Hulyo 14, 2021

Ang nakikita lamang ng mga tao ay kung ano ang nasa labas, nababalot ng mga matatamis na ngiti; ngunit ang totoo ito'y taliwas. Parang nagdurugo ang kanilang kalooban. Litong-lito silang tumutugon kung ano ang nangyayari sa kanilang emosyon, isip, at espirituwal na buhay. Maaaring kakaunti lamang ang nakaaalam at nakaiintindi sa mga pighati, alalahanin, at paghihirap ng kapwa. Dumadaan sila sa pagsubok ng kanilang pananampalataya. Kaya, maraming paraan ng pagsubok ang naranasan ng mga taga-sunod ng Diyos na pinatutunayan sa Bibliya.

**A. Iba't ibang pagsubok ng Diyos sa pananalig.**
**1.Ang mayamang si Job ay dumaan sa matinding pagsubok** ng Diyos at nakaranas ng iba't ibang paghihirap sa kanyang buhay. Sa kasamaang palad, nawala sa kanya ang lahat kasama ang kanyang ari-arian, kalusugan at mga anak. Sa katunayan, naging mas kahabag-habag ang kanyang buhay dahil sa sunod-sunod na hindi inaasahang mga kalamidad na nangyari sa kanya. Sinabi ng kanyang asawa na dapat isumpa na niya ang Diyos, ngunit tumanggi siya. Alam niya na may ginagawa ang Diyos sa kanyang buhay; at lumabas na siya'y parang dalisay na ginto at sinabi niyang, "Si Yaweh ang nagbibigay, Siya rin ang kukuha"(Jb.1:21).

**2. Sinulat ni David ang aklat ng Awit** bilang mga awit ng mga pagsubok at mga daing niya sa Diyos. Para sa kanya, ang mga salita ng Diyos ay makapangyarihan at nagbibigay sa kanya ng lakas. Ang mga pangako ng Diyos ay nagbibigay buhay. Ayon sa Awit 119:107, "Labis-labis, Panginoon, ang hirap kong tinataglay, sang-ayon sa pangako mo, pasiglain yaring buhay."

**3. Nagpatotoo rin si Sor Techie sa mga biyaya ng Diyos sa kanyang buhay.** Sa paglilingkod niya sa Diyos sa loob ng 41 na taon, nakararanas pa rin siya ng mga iba't ibang pagsubok hanggang ngayon. Siya ay buhay na nagpapatotoo kung paano magpagaling ang Diyos, gawing posible ang lahat at ayusin ang gusot ng mag-asawa. Ang salita ng Diyos ang nagbigay sa kanya ng gabay at lakas para makayanan ang mga pagsubok.

**4. Ang namayapang kapatid kay Cristo na si Bro. Edmund Baclig ay nagbahagi at nagpatotoo** tungkol sa katapatan ng Diyos. Nagdanas siya ng *aneurism* at *stage 4 pancreatic cancer;* ngunit, buo pa rin ang kanyang paniniwala at pinuri ang Diyos. Sinabi pa niya na lahat ng pagsubok ay magiging matagumpay dahil sa ating mga panalangin at "huwag mabalisa, manalig sa Diyos" (Jn14:1).

**Konklusyon:**
Ang pagiging masunurin at tuloy-tuloy na pananalig sa Diyos ay mga susi para maunawaan ang mga pagsubok ng Diyos sa buhay. Ang pagbabasa ng Bibliya ang nagiging gabay at nagbibigay ng karunungan at lakas para mapagtagumpayan ang mga pagsubok at pighati; at gawing kagalakan ang mga kalungkutan. Dapat pagnilayan natin ang salita ng Diyos gabi't araw, para mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa buhay. Dapat tayo'y magtiwala, sumunod, sumuko sa kalooban ng Diyos para malaman na ang mga pagsubok ng ating pananalig ay bahagi ng plano ng Diyos para mapalapit tayo sa Kanya.

**Pagninilay:**

1. Anong pagsubok ang napagdaanan mo na nataya ang iyong pananalig sa Diyos? Paano mo ito nakayanan?
2. Ano ang napagtanto mo pagkatapos mong nadaanan ang pagsubok ng iyong pananalig?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials